

## Pag-IBIG benefits ibibigay sa tricycle drivers sa QC -- Joy B

Malugod na tinatanggap ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte ang pagkuku-sa ng Quezon City Tricycle Franchising Board (TFB) na bigyan ng espesyal na Pag-IBIG Fund membership benefits ang mga driver at tagapamahala ng mga tricycle sa lungsod.

“Before, Pag-IBIG was not accessible to the informal sector so now Pag-IBIG is making themselves more accessible to the informal sector like the tricycle operators and drivers associations (TODA). They’re trying to work with the TODA now, so that the TODA

can access housing using the Pag-IBIG Fund,” dagdag pa ni Belmonte.

Isinusulong ng Tricycle Franchising Board ang serye ng mga seminar na tinaguriang “Pag-IBIG sa mga TODA ng QC” simula Mayo 19 hanggang Hulyo 28, 2018 upang maipaliwanag sa mga namumuno ng lokal na TODA sa anim na distrito ng lungsod Quezon ang Pag-IBIG Fund membership.

Ang mga pagpupulong na magaganap ay magbibigay prayoridad sa pagpapaliwanag ng mga detalye ukol sa special Pag-IBIG fund

memberships para sa mga drayber at tagapangasiwa ng mga traysikel. Kasama rin dito ang pagbibigay-alam sa kanila tungkol sa “short-term loans” at “access to housing programs” para sa kanilang sektor.

Taong 2014, bilang pinuno ng Sangguniang Lungsod, inaprubahan ni Belmonte ang Ordinance No. SP-2337-2014 o “The Quezon City Tricycle Management Code of 2014” na tumutukoy sa tricycle operations, regulations at social protection para sa mga sektor ng traysikel sa lungsod. *(Angie dela Cruz)*